 Pranses

Iba – *Tukuyin*

(b) Ang tao bang ito ay may **regular** na ginamit na ibang wika sa trabahong ito?

- Hindi
 Oo, Ingles
 Oo, Pranses

Oo, Iba – *Tukuyin*

49. Ilang **linggo** nagtrabaho ang taong ito sa **2005**?

Mangyaring ipasok ang kabuuang bilang ng mga linggo na nagtrabaho nang may bayad o sa sariling empleyo sa lahat ng mga trabaho sa 2005.

*Isama ang **mga linggong iyon** kung kailan ang taong ito:*

- *ay **nagbakasyon** o **nag-sick leave** nang may bayad;*
- *nagtrabaho nang **full time** o **part time**;*
- *nagtrabaho para sa **mga sahod, suweldo, mga tip** o **komisyon**;*
- *nasa **sariling empleyo**;*
- *nagtrabaho nang tuwiran sa pagpapatakbo ng **sakahan** o **negosyo ng pamilya** nang walang mga pormal na kasunduan tungkol sa sahod.*

Wala → **Magpunta sa Tanong 51**

← Bilang ng mga linggo

50. Sa **karamihan** ng mga **linggong** iyon, nagtrabaho ba nang **full time** o **part time** ang taong ito?

Markahan ang isang bilog lamang.

- Full time (30 oras o higit pa bawat linggo)
 Part time (wala pang 30 oras bawat linggo)
-

KITA SA 2005

51. Upang ‘di mag-aksaya ng panahon, maaaring pahintulutan ng bawat tao ang Statistics Canada na gamitin ang impormasyon ng kita na makukuha sa kanyang mga income tax file sa halip na sagutin ang **Tanong 52**.

- *Ang opsiyon na ito ay magagamit lamang ng mga taong nag-file ng tax return sa taong natapos noong ika-31 ng Disyembre 2005.*
- *Mangyaring tandaan na ang impormasyon tungkol sa inyong income tax ay gagamitin para lamang sa mga estadistika.*

Pinahihintulutan ba ng taong ito ang Statistics Canada na gamitin ang impormasyong makukuha na sa kanyang mga income tax file para sa taon na natapos noong ika-31 ng Disyembre 2005?

- Oo → Sumasang-ayon ang Tao 1. **Magpunta sa Tanong 53**
- Hindi → **Magpatuloy sa Tanong 52**
-

52. Sa taon na natapos noong ika-31 ng Disyembre 2005, tumanggap ba ng anumang kita ang taong ito mula sa mga pinagkunang nakalista sa ibaba?

Sagutin ng “Oo” o “Hindi” para sa lahat ng mga pinagkunan. Kung “Oo”, ipasok din ang halaga; kung nalugi, markahan din ang “Lugi”.

BAYÁD NA TRABAHO:

(a) Kabuuang **suweldo** at **mga sahod**, kabilang ang mga komisyon, mga bonus, mga tip, mga benepisyong maaaring patawan ng buwis, mga research grant (pondong ipinagkaloob para sa pananaliksik), mga royalty, atbp., bago ng anumang mga pagbabawas

- Oo
- ↳ \$ _____ .00
- Hindi
-

NASA SARILING EMPLEYO:

(b) **Netong kita ng sakahan** (kabuuang kuwartang pumapasok menos ang mga gastos), kabilang ang mga pondong ipinagkaloob at mga salaping tulong sa ilalim ng mga programang sumusuporta sa sakahan, mga pagbabayad sa marketing board, gross insurance proceeds (kabuuang kita sa seguro)

- Oo
- ↳ \$ _____ .00
- Lugi

Hindi

(c) **Netong kita na di-galing sa sakahan** mula sa **hindi inkorporadang negosyo, propesyonal na katungkulan**, atbp. (*kabuuang kuwartang pumapasok menos ang mga gastos*)

Oo

↳ \$ _____ .00

Lugi

Hindi

KITA MULA SA GOBYERNO:

(d) Mga benepisyo para sa **bata**, *tulad ng mga benepisyong child tax, mga sustento sa pamilya* (pederal, pamprobinsiya at panteritoryo)

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

(e) **Old Age Security Pension (Pensiyon ng Seguridad para sa Katandaan), Garantisadong Suplemento sa Kita, Sustento at Sustento para sa Nabiyudo/Nabiyuda** mula sa *pederal na gobyerno lamang (ang mga pamprobinsiyang suplemento sa kita ay dapat ipasok sa (h))*

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

(f) Mga benepisyo mula sa **Plano ng Pensiyon ng Canada o Quebec**.

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

(g) Mga benepisyo mula sa **Employment Insurance (Seguro sa Trabaho)** (*mga kabuuang benepisyo bago ng mga pagbabawas ng buwis*)

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

(h) **Iba pang kita** mula sa **mga pinagkukunan sa gobyerno**, tulad ng mga pamprobinsiyang suplemento sa kita at mga pondong ipinagkaloob, kredito sa GST/QST/HST, mga pamprobinsiyang kredito sa buwis, kompensasyon sa mga manggagawa, mga pensiyon ng mga beterano, mga pagbabayad ng welfare

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

IBA PANG KITA:

(i) **Mga dibidendo, mga interes** sa mga bono, mga deposito at mga sertipiko ng savings, at **ibang kita mula sa pamumuhunan** tulad ng mga netong upa mula sa real estate, interes mula sa mga mortgage. Huwag isama ang mga tubo/pagkalugi sa kapital.

Oo

↳ \$ _____ .00

Lugi

Hindi

(j) **Mga pensiyon sa pagreretiro, superannuation at mga annuity**, kabilang ang mula sa mga RRSP at RRIF. Huwag isama ang mga pagkuha mula sa isang plano ng pensiyon o RRSP.

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

(k) **Iba pang mga kinitang pera**, tulad ng alimony, suporta sa anak, mga scholarship

Oo

↳ \$ _____ .00

Hindi

KABUUANG KITA sa 2005 mula sa lahat ng mga pinagkunan

Oo

↳ \$ _____ .00

Lugi

Hindi

BINAYARANG INCOME TAX sa kita sa 2005 (pederal, pamprobinsiya at panteritoryo)

▶ \$ _____ .00

Ang sumusunod na tanong ay para sa lahat ng mga taong karaniwang nakatira rito kabilang ang mga taong wala pang 15 taong gulang. Kung sumasagot kayo sa kapakanan ng ibang mga tao, mangyaring konsultahin ang bawat tao.

53. Ginagarantiya ng *Batas ng Estadistika* ang kalihiman ng inyong impormasyon ng senso. Saka lamang gagawing publiko ang inyong pansariling impormasyon, 92 taon matapos ang 2006 na Senso, kung minarkahan lamang ninyo ang “OO” sa tanong na ito. Kung minarkahan ninyo ng “HINDI” o kung iniwanan ninyong blangko ang sagot, hindi gagawing publiko kailanman ang inyong pansariling impormasyon.

Sumasang-ayon ba ang taong ito na ihanda ang kanyang impormasyon sa 2006 na Senso para sa pampublikong pagpapalabas sa 2098 (92 taon pagkatapos ng senso)?

- Oo
 - Hindi
-

HAKBANG F

Sagutin ang mga Tanong H1 hanggang H8 tungkol sa tirahang ito.

*Ang isang **tirahan** ay isang hiwalay na grupo ng mga kuwartong paninirahan na may isang **pribadong entrada** mula sa labas o mula sa isang panlahatang daanan o hagdan sa loob ng gusali. Ang entradang ito ay hindi dapat nagdaraan sa mga kuwartong paninirahan ng ibang tao.*

H1. Sino ang nagbabayad ng upa o mortgage, mga buwis, kuryente, atbp., para sa tirahang ito?

Kung higit sa isang tao ang nagbibigay ng kontribusyon sa mga ganoong bayad, markahan ang lahat ng mga naaangkop na bilog.

- Tao 1
 - Tao 2
 - Tao 3
 - Tao 4
 - Tao 5
 - Isang taong nakalista sa ibang palatanungan para sa tirahang ito
 - Isang taong hindi nakatira dito
-

H2. Ang tirahan ba na ito'y:

Markahan ang isang bilog lamang.

- pag-aari ninyo o ng isang miyembro ng sambahayang ito (kahit na binabayaran pa rin ito)?
 - inuupahan (kahit na walang salaping binabayaran para sa upa)?
-

H3. (a) Ilan ang kuwarto sa tirahang ito?

Isama ang kusina, mga silid-tulugan, mga yaring kuwarto sa attic o basement, atbp.

Huwag isama ang mga banyo, daanan, pasilyo at mga kuwartong ginagamit para lamang sa negosyo.

← Bilang ng mga kuwarto

(b) Ilan sa mga kuwartong ito ay mga silid-tulugan?

← Bilang ng mga silid-tulugan

H4. Kailan unang itinayo ang tirahang ito?

Markahan ang panahon kung kailan nayari ang gusali, hindi ang panahon ng anumang sumunod na remodelling (pagbabago), pagdagdag o mga conversion. Kung hindi nalalaman ang taon, ilagay ang pinaka-natatantiya.

- 1920 o bago noon
 - 1921-1945
 - 1946-1960
 - 1961-1970
 - 1971-1980
 - 1981-1985
 - 1986-1990
 - 1991-1995
 - 1996-2000
 - 2001-2006
-

H5. Kinakailangan bang ipaayos sa anumang paraan ang tirahang ito?

Huwag isama ang gustong gawing remodelling o mga pagdagdag.

- Hindi, kailangan lamang ang **regular na pagmintini** (pagpipintura, paglilinis ng furnace, atbp.)
 - Oo, kailangan ang mga **kaunting pagpapaayos** (mga nagkukulang o maluluwag na tiles sa sahig, mga brick o mga shingle (tisa), mga may-sirang hagdanan, barandilyas o siding, atbp.)
 - Oo, kailangan ang mga **malalaking pagpapaayos** (may-diperensiyang mga tubo o kawad ng kuryente, pagpapaayos sa istruktura ng mga pader, mga sahig o mga kisame, atbp.)
-

Sagutin ang mga Tanong **H6** hanggang **H8** para lamang sa tirahan kung saan kayo **kasalukuyang naninirahan**, kahit na kayo ay may-ari o umuupa ng higit sa isang tirahan. Kung hindi nalalaman ang tiyak na halaga, mangyaring ilagay ang pinaka-matatantiya.

Paunawa: Kung kayo o sinoman sa tirahang ito ay isang tagapamahala ng sakahan na naninirahan sa sakahang pinapatakbo ninyo o nila, **markahan dito** → at magpunta sa **Hakbang G** sa susunod na pahina.

H6. Para sa tirahang ito, ano ang mga TAUNANG bayad (nakaraang 12 buwan) para sa:

(a) koryente?

Wala

Kasama sa upa o ibang mga bayad

\$ _____ .00 bawat taon

(b) langis, gaas, karbon, kahoy o iba pang pang-gatong?

Wala

Kasama sa upa o ibang mga bayad

\$ _____ .00 bawat taon

(c) tubig at ibang mga munisipal na serbisyo?

Wala

Kasama sa upa o ibang mga bayad

\$ _____ .00 bawat taon

H7. Para lamang sa mga NANGUNGUPAHAN:

Ano ang **buwanang upa** para sa tirahang ito?

Inuupahan nang walang bayad ng cash rent

\$ _____ .00 bawat buwan

H8. Para sa mga MAY-ARI lamang, sagutin ang mga bahagi (a) hanggang (f):

- (a) Ano ang kabuuang regular na **buwanang** mortgage o mga bayad sa utang para sa tirahang ito?
- Wala → **Magpunta sa bahagi (c)**
- \$ _____ .00 bawat buwan
- (b) Kasama ba ang mga property tax [buwis sa propiyedad] (munisipiyo at paaralan) sa halagang ipinapakita sa bahagi (a)?
- Oo → **Magpunta sa bahagi (d)**
- Hindi
- (c) Ano ang mga tinantiyang **taunang** property tax (munisipal at paaralan) para sa tirahang ito?
- Wala
- \$ _____ .00 bawat taon
- (d) Kung ipagbibili ninyo ang tirahang ito ngayon, magkano ninyo inaasahang maipagbibili ito?
- \$ _____ .00
- (e) Ang tirahan ba na ito ay bahagi ng isang rehistradong condominium?
- Oo → **Magpatuloy sa bahagi (f)**
- Wala → **Magpunta sa Hakbang G sa susunod na pahina**
- (f) Ano ang mga **buwanang** bayad ng condominium?
- Wala
- \$ _____ .00 bawat buwan

HAKBANG G

Nakumpleto na ninyo ngayon ang inyong palatanungan.

Bahagi 2

Ang mga dahilan kung bakit tinatanong ang mga katanungan

Ang mga dahilan kung bakit tinatanong ang mga katanungan

HAKBANG A

Kailangan namin ang inyong telepono upang matawagan kayo kapag lamang nakalimutan ninyong magbigay ng impormasyon sa inyong palatanungan.

Kailangan namin ang inyong address upang matiyak na ang lahat ng mga tirahan ay mabibilang. Kumpletohin lamang ang inyong address kung walang nakalimbag na address sa takip na pahina ng palatanungan o kung ang address kung saan kayo nakatira sa ika-16 ng Mayo 2006 ay iba sa nakalimbag sa harap na takip na pahina.

Kung mali ang nakalimbag na address (may kamalian sa pagmamakinilya sa pangalan ng kalye o kamalian sa uri ng kalye), hindi ninyo kailangang iwasto ang inyong address sa puwang para sa sagot o sa nakalimbag na puwang para sa address.

Maaari rin gamitin ang inyong telepono at address sa mga survey pagkatapos ng senso.

MGA HAKBANG B at C

Ang mga hakbang na ito ay tutulong sa inyong magpasiya kung sino ang **dapat** at **hindi dapat** isama sa inyong palatanungan. Tinutulungan kami nitong matiyak na nabilang namin ang lahat ng mga taong kailangan naming bilangin at na walang taong nabilang nang dalawang beses. Mangyaring tingnan ang mga tagubilin 1, 2 at 3 na nasa ikalawang pahina ng inyong palatanungan.

HAKBANG D

Ang hakbang na ito ay nagsasabi sa amin kung may tao sa inyong sambahayan na nagpapatakbo ng sakahan. Tinitiyak din nito na mabibilang namin ang lahat ng mga sakahan para sa Senso ng Agrikultura.

HAKBANG E

Gamit ang mga malalaking titik, mangyaring kopyahin ang mga pangalan na inilista na ninyo sa Hakbang B upang sagutin ang **Tanong 1 sa ibabaw ng pahina 4** sa mga kahong ibinigay. Mangyaring ilagay ang mga pangalan sa parehong pagkakasunud-sunod. Mahalaga na ang mga datos na ibinigay para sa mga miyembro ng inyong sambahayan ay katumbas ng mga pangalan ng lahat ng mga taong binanggit ninyo. Ang palatanungan ay dinisenyo para sa isang sambahayan ng 5 tao o mas kaunti. Kung may higit sa 5 tao sa inyong sambahayan, kailanganin ninyo ng ikalawang palatanungan na makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na numero ng Census Help Line na 1 877 594-2006.

ANG MGA KATANUNGAN

BATAYANG IMPORMASYON TUNGKOL SA POPULASYON

Tinatanong ng Tanong 1 ang pangalan ng bawat tao sa sambahayan para walang maiiwan o mabibilang ng dalawang beses.

Nagtatanong ang mga Tanong 2 hanggang 6 tungkol sa mga taong nakatira sa bawat sambahayan. Mula sa mga katanungang ito, malalaman namin kung paano naninirahan ang mga taong nakatira sa Canada, gaano kalaki ang pamilya, ilan ang mga batang nakatira kasama ng isang magulang o dalawang magulang, at ilan ang mga taong naninirahan mag-isa. Ang impormasyon ay ginagamit para sa pagplano ng mga programang panlipunan, tulad ng Old Age Security at child tax benefits. Ginagamit din ito ng mga town at mga lunsod upang magplano ng iba't ibang mga serbisyo tulad ng mga day care centre, mga paaralan at mga tahanan para sa mga matatanda.

MGA PANG-ARAW-ARAW NA GAWAIN

Ang mga Tanong 7 at 8 ay nagbibigay ng impormasyon sa bilang ng mga tao sa Canada na may mga kahirapan sa mga pang-araw-araw na gawain, at para kung kanino nabawasan ang mga gawain dahil sa isang pangkatawang kondisyon, pangkaisipang kondisyon, o problema sa kalusugan. Ang mga resulta ay ginagamit ng Statistics Canada upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga hadlang na hinaharap ng mga taong ito araw-araw.

PANLIPUNAN AT KULTURAL NA IMPORMASYON

Ang mga Tanong 9 hanggang 21 ay nagbibigay ng panlipunan at kultural na larawan ng populasyon ng Canada.

Tinatanong ng Tanong 9 kung saang probinsiya o teritoryo sa Canada, o kung saang ibang bansa ipinanganak ang mga tao. Sinasabi sa amin ng impormasyon na ito ang mga pagkilos ng populasyon sa loob ng Canada, at mula Canada patungo sa mga ibang bansa. Nagbibigay din ito ng impormasyon tungkol sa iba't-ibang pinanggalingan ng populasyon ng Canada.

Sinasabi sa amin ng Tanong 10 ang kalagayan ng pagkamamamayan ng populasyon ng Canada. Ang impormasyong ito ay tumutulong sa pagpapalano ng halalan; kapag pinagsama ito at ang mga datos tungkol sa edad, makakalkula namin ang mga bilang ng mga maaaring bumoto. Ang tanong na ito ay nagbibigay din ng impormasyong ginagamit upang magplano ng mga klase at mga programa sa pagkamamamayan.

Sinasabi sa amin ng mga Tanong 11 at 12 ang bilang ng mga imigrante at mga di-permanenteng naninirahan sa Canada, at ang taon kung kailan nagpunta ang mga tao sa Canada bilang imigrante. Ang impormasyon mula sa mga katanungang ito ay kadalasang ginagamit kasama ng ibang mga datos ng senso upang ipaghambing ang mga socio-economic (panlipunan at pangkabuhayan) na kondisyon ng mga imigrante habang tumatagal ang panahon; upang repasuhin ang mga polisa at mga programa ng imigrasyon at pagtatrabaho; at upang magplano ng mga serbisyo sa edukasyon, kalusugan at iba pa.

Ang mga Tanong 13 hanggang 16 ay ginagamit upang isagawa ang mga programang nagtatanggol sa mga karapatan ng mga Canadian sa ilalim ng *Canadian Charter of Rights and Freedoms* (*Ang Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada*). Ang impormasyong ito ay tumutulong din sa pagtiyak ng pangangailangan para sa pagsasanay sa wika at mga serbisyo sa Ingles o Pranses.

Ang Tanong 17 ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa etniko at kultural na pagkakaibaba ng populasyon ng Canada. Ginagawang posible ng tanong na ito ang pagtitipon ng impormasyong kailangan para sa pagsasagawa ng *Multiculturalism Act (Batas ng Multikulturalismo)* at ng *Canadian Charter of Rights and Freedoms (Ang Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada)*. Ginagamit din ito nang lubusan ng mga asosasyong etniko at kultural, gayundin ng mga ahensiya at mga mananaliksik, para sa mga gawain tulad ng pagtataguyod ng kalusugan, mga komunikasyon at marketing.

Ang mga Tanong 18, 20 at 21 ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga Aboriginal na tao (North American Indians, Métis, Inuit) na ginagamit upang pamahalaan ang pagbabatas at mga programang pantrabaho sa ilalim ng *Indian Act at Employment Equity Act (Batas para sa Katarungan sa Trabaho)*. Ang impormasyon ay ginagamit din ng mga mananaliksik at mga Aboriginal na gobyerno at asosasyon upang mapag-aralan ang iba't ibang uri ng mga demografiko at panlipunan/ekonomikong isyu.

Sinasabi sa amin ng Tanong 19 kung anu-ano ang mga grupo na bumubuo sa populasyon ng visible minority ng Canada. Ang impormasyong ito ay kailangan para sa mga programa sa ilalim ng *Employment Equity Act (Batas ng Katarungan sa Trabaho)*, na nagtataguyod ng magkaparehong pagkakataon para sa lahat ng mga tao.

ANG PAROO'T PARITO

Ang mga Tanong 23 at 24 ay nagsasabi sa amin kung saan nanggagaling at kung saan pumupunta ang mga tao sa Canada, sa loob at sa labas ng Canada. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa pagtantiya ng populasyon sa mga senso sa mga pambansa, pamprobinsiya at panrehiyon na antas. Ginagamit din ito upang alamin ang mga pangangailangan sa hinaharap para sa pagpapabahay, edukasyon, transportasyon at mga serbisyong panlipunan, at tumutulong sa mga programang pinamamahalaan sa ilalim ng *Fiscal Arrangements Act (Batas ng mga Pananalaping Pag-aayos)*.

LUGAR NG KAPANGANAKAN NG MGA MAGULANG

Sinasabi sa amin ng Tanong 25 ang bilang ng mga taong ipinanganak sa Canada na ang mga magulang ay ipinanganak sa labas ng Canada. Ang impormasyon mula sa tanong na ito ay magagamit upang tasahan ang mga panlipunan/ekonomikong kondisyon ng mga ikalawang-henerasyong Canadian.

EDUKASYON

Ang mga Tanong 26 hanggang 32 ay nagsasabi sa amin kung ano ang edukasyon at pagsasanay ng mga taong naninirahan sa Canada at ang kanilang mga tiyak na job skills (kakayahan para sa trabaho). Ginagamit ang impormasyong ito ng mga gobyerno at mga pinaglilingkuran upang tantiyahin kung may sapat na bilang ng mga taong may kinakailangang edukasyon, pagsasanay at job skills sa mga partikular na bahagi ng kabuuang sektor ng mga manggagawa. Sa gayon ay maaari silang gumawa ng mga programang pagsasanay na tumutupad sa mga nagbabagong pangangailangan ng ating kabuuang sektor ng mga manggagawa.

Ang Tanong 32, na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagpasok sa paaralan, ay kailangan para sa pagplano at pagsustento ng mga programang pang-edukasyon pagkatapos ng sekundarya at adult education sa ilalim ng *Canada Student Loans Act (Batas ukol sa Pagpapautang sa Mag-aaral sa Canada)*. Ginagamit din ito upang gumawa ng mga insentibo at mga programa na tumutulong sa mga taong manatili o bumalik sa paaralan.

MGA GAWAING BAHAY

Ang Tanong 33 ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bilang ng oras na ginugugol ng mga tao sa mga gawaing bahay na walang bayad. Kapag pinagsama ito at ang mga datos sa mga trabahong may bayad, maipapakita ng impormasyong ito kung paano binabalanse ng mga taong naninirahan sa Canada ang kanilang may bayad at walang bayad na mga gawaing pantrabaho.

MGA GAWAIN UKOL SA TRABAHO

Ang mga Tanong 34 hanggang 50 ay nagtitipon ng impormasyon tungkol sa **trabahong may bayad at sa sariling-employo** na ginawa ng mga taong **15 taong gulang at mas matanda**. Ang impormasyong ito ay mahalaga para sa mga negosyo at sa lahat ng mga antas ng gobyerno para sa pagpapalano para sa edukasyon at mga programang pagsasanay, upang tasahan ang mga paggamit ng wika, upang matantiya kung aling mga trabaho ang makukuha sa hinaharap, upang magplano ng mahusay na transportasyon at mga sistema sa paglalakbay, at upang gumawa ng mga hakbang sa paglikha ng trabaho sa mga komunidad sa buong bansa.

KITA SA 2005

Ang mga Tanong 51 at 52 ay nagbibigay ng pagkukunan ng mga detalyadong estadistika tungkol sa kita ng lahat ng mga tao sa Canada, kanilang mga pamilya at mga sambahayan. Hindi sinasaklaw ng mga rekord ng income tax ang lahat ng mga tao at hindi rin ito nagbibigay ng ilang mahahalagang impormasyon tungkol sa mga katangian ng mga taong may kita.

Ang impormasyon ay ginagamit ng mga gobyerno upang gumawa ng mga programa ng suporta sa kita tulad ng Old Age Security Pension (Pensiyon sa Seguridad para sa Katandaan), pamprobinsiyang suplemento sa kita, at mga pagbayad ng social assistance (panlipunang tulong). Sa pamamagitan ng mga estadistika tungkol sa kita, matitiyak na mahusay na isinasagawa ang mga programang nagsusuplemento sa mga kita ng pamilya. Tumutulong din ang mga ito tantiyahin ang ibang mga programa tulad ng pay equity (katarungan sa bayad) at mga programang pagpapabahay at alamin kung alin ang mga lugar sa bansa na nangangailangan ng tulong.

Ginagamit ng mga negosyo ang mga estadistika tungkol sa kita upang hanapin ang mga retail at wholesale na mga lugar na malapit sa mga naaangkop na grupo ng mga namimili, at upang malaman kung saan maaaring ibenta ang mga produkto at mga serbisyo.

Ginagamit ng mga unyon ng mga manggagawa at mga negosyo ang mga estadistika tungkol sa kita para sa mga grupo ng trabaho upang makipagkasunduan tungkol sa sahod at upang makipag-ayos tungkol sa claims para sa kompensasyon.

Ang mga kaso ng mga organisasyong kumakatawan sa mga Canadian na nangangailangan ng social assistance (panlipunang tulong) ay kadalasang binabatay sa mga estadistika tungkol sa kita na nangagaling sa senso.

Maaaring gamitin ng mga indibidwal ang mga estadistika tungkol sa kita upang ihambing ang kanilang sariling kita sa karaniwang kita para sa kanilang okupasyon, kanilang rehiyon o kaya sa buong bansa.

Ang pansarili o makikilalang impormasyon ay hindi kailanman ibinebenta o ibinibigay sa mga mailing list. WALANG TAO, kabilang ang ibang mga kagawaran ng gobyerno tulad ng Canada Revenue Agency (Ahensiya ng Rentas ng Canada) (CRA), ang makakakuha ng impormasyon tungkol sa kita o ibang pansariling impormasyon na tinipon sa senso. Ang lahat ng inyong mga sagot ay pinananatiling lihim. Ito ang batas.

ANG KARAPATANG MAKAKUHA NG PANSARILING IMPORMASYON 92 TAON MATAPOS ANG SENSO

Tinitiyak ng Tanong 53 na ang bawat tao ay binibigyan ng pagkakatong magpasiya nang may kaalaman tungkol sa kung ano ang mangyayari sa kanilang pansariling impormasyon sa senso. Ang kanilang 2006 na impormasyon sa Senso ay ilalabas makalipas ang 92 taon kung sinagot lamang nila ng Oo ang tanong na ito. Ang pahintulot sa pagpapalabas ng impormasyon sa senso ay nagbibigay sa mga darating na henerasyon ng mas mabuting pagkakaunawa sa lipunan ng Canada sa 2006.

Kapag sinasagot ang tanong na ito, mangyaring konsultahin ang bawat tao sa sambahayan bago sumagot upang makuha ang kanilang mga pananaw. Kung hindi nalalaman ang kanilang mga pananaw, hindi dapat sagutin ang tanong para sa taong iyon. Ang mga magulang at mga legal guardian (legal na tagapag-alaga) ay dapat sumagot sa kapakanan ng mga bata.

Kung sakaling nais baguhin ng isang tao ang kanilang sagot, o kung nais nila magbigay ng sagot kung saan walang sagot ang tanong, sumulat sa Coordinator, Access to Information and Privacy, Statistics Canada, 120 Parkdale Ave. Ottawa, ON, K1A 0T6.

HAKBANG F: PAGPAPABAHAY

Ang mga Tanong H1 hanggang H8 ay nagbibigay ng impormasyon sa mga nagpapalano sa gobyerno at sa mga pribadong developer upang gumawa ng mga pagpapabahay na komunidad at proyekto. Ang impormasyong ito ay tumutulong sa maraming mga programang pinamamahalaan sa ilalim ng *National Housing Act (Pambansang Batas sa Pagpapabahay)* at *Canada Mortgage and Housing Corporation Act (Batas ng Canada Ukol sa Sanglaan at Samahan sa Pagpapabahay)*.

Ang impormasyon tungkol sa bilang ng mga kuwarta at mga silid-tulugan sa mga tahanan at tungkol sa mga presyo ng pagpapabahay ay ipinagsasama sa mga datos tungkol sa bilang ng mga tao sa mga sambahayan upang tasahan ang pangkabuhayang kalagayan ng mga pamilya sa iba't ibang mga rehiyon. Ang impormasyong ito ay ginagamit ng mga pamprobinisya at pangmunisipal na gobyerno upang sukatin ang dami ng tao sa loob ng mga sambahayan upang gumawa ng mga naaangkop na programa ng pagpapabahay.

Ang impormasyon tungkol sa edad ng mga tirahan at ang kanilang pangangailangang maayos ay ginagamit ng mga municipality upang gumawa ng mga programa ng pagpapahusay ng kapitbahayan.